

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2021-0019
	Title	System Validated Statement of Premium Account (SPA) and PhilHealth Premium Payment Slip (PPPS) as PhilHealth Official Receipts for Premium Contribution Payment Transactions at PhilHealth Offices
Tanong	Sagot	
Ano ang layunin ng Circular na ito?	<p>Ang Circular na ito ay naglalayong makapagbigay ng gabay sa paggamit ng SPA at PPPS bilang opisyal na mga resibo kung magbabayad sa tanggapan ng PhilHealth gamit ang Over-The-Counter Collection System (OTCCS).</p> <p>Layon din nito na mas mapasimple ang proseso ng transaksyon sa PhilHealth katulad ng nasasaad sa “Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018”.</p>	
Sino-sino ang mga sakop ng Circular na ito?	<p>Sakop nito ang mga miyembrong mayroong hawak na SPA o Billing Reference Number na magbabayad sa mga tanggapan ng PhilHealth sa pamamagitan ng Over-The-Counter Collection System (OTCCS). Ito ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Miyembrong nagbabayad ng pansarili kasama ang mga professional practitioner; • Land-based na OFW; • Employers para sa kanilang mga empleyado <p>Hindi ito maaaring gawin sa mga Accredited Collecting Agents ng PhilHealth.</p> <p>Samantala, ang mga miyembro na walang hawak na SPA o Billing Reference Number ay maaari pa ring magtungo at magbayad sa mga tanggapan ng PhilHealth ngunit sila’y bibigyan ng PhilHealth Official Receipt (POR) bilang kaukulang resibo.</p>	
Ano ang PPPS at SPA?	<p>Ang PPPS ay slip na maaaring idownload mula sa PhilHealth website o makuha sa Local Health Insurance Office ng PhilHealth kung saan ilalagay ng miyembro ang mga kaukulang detalye na siyang magiging basehan sa pagbabayad.</p> <p>Ang SPA naman ay ang system-generated na billing statement na maaaring makuha sa pamamagitan ng PhilHealth Member Portal na maa-access sa website ng PhilHealth o sa tulong ng Local Health Insurance Offices ng PhilHealth para sa mga walk-in na miyembro.</p>	

	<p>Para naman sa mga employer na magbabayad para sa mga empleyado nito, ito’y maaaring makuha mula sa PhilHealth Electronic Premium Remittance System (EPRS).</p>
<p>Ano-ano ang mga dapat tandaan sa paggamit ng SPA at PPPS upang maging opisyal na resibo?</p>	<p>Ang mga sumusunod ay dapat na tandaan ng isang miyembro:</p> <ul style="list-style-type: none"> a. Maaaring magpakita ang isang miyembro ng balidong SPA billing statement o ng PPPS (Annex A ng Circular) na nagsasaad ng SPA Reference Number sa pagbabayad ng premium contribution sa mga tanggapan ng PhilHealth. b. Ang balidong SPA at PPPS na mayroong SPA number ay magsisilbing PhilHealth Official Receipts sa oras na ito ay ma-validate sa pamamagitan ng OTCCS kung saan makikita rin ang ePAR number. Ang mga detalye ng validation ay ipi-print sa likod ng SPA o sa harap naman kung PPPS. c. Ang SPA para sa mga miyembro na nagbabayad ng premium contribution para sa sarili, (tingnan ang Annex B ng Circular para sa Self-Paying Members) ay maaaring makuha sa pamamagitan ng PhilHealth Member Portal o sa tulong ng Local Health Insurance Offices ng PhilHealth para sa mga walk-in na miyembro. d. Ang SPA para sa mga miyembrong may trabaho (tingnan ang Annex C ng Circular para sa Formal Sector/Employed Members) ay maaaring makuha mula sa PhilHealth Electronic Premium Remittance System (EPRS). Ang SPA na mage-generate mula sa EPRS ay para sa lahat ng kontribusyon ng mga empleyado na dapat ipagbayad ng isang employer. e. Ang PPPS ay maaaring i-download mula sa website ng PhilHealth at makukuha rin sa mga Local Health Insurance Office ng PhilHealth.
<p>Kailan magiging epektibo ang mga alituntuning inilahad sa Circular na ito?</p>	<p>Ito ay magiging epektibo labinlimang (15) araw matapos na mai-publish ang Circular sa pangunahing pahayagan at pagkatapos ay idedeposito sa Office of National Administrative Register (ONAR) ng University of the Philippines Law Center.</p> <p>Ito ay nailathala sa pahayagang Malaya Business Insight noong Oktubre 29, 2021.</p>